

# CHAPTER *One*

*K*asama ang bodyguard na si Pierre ay pumasok sa *Marina Bay Hotel* si Sweyn Nassau. Kabababa lang niya sa kotseng inarkila na agad na ipinarada ng valet ng hotel.

Inayos niya ang suot na navy blue three-piece suit. Kagabi pa lang siya dumating sa Singapore kasama si Pierre gamit ang commercial airline. Inimbitahan siya para sa kasal ng kanyang kaibigang si Mattheo.

Pero bago siya dumalo rito ay nakipagkita muna siya sa isa pang kaibigan niya dati sa military academy na ngayon ay nakatira dito sa Singapore at may IT business. Mamaya ay pupunta dito si Lucas at magkikita sila sa bar para mag-catch up. Saglit

siyang inilibot ng kaibigan sa opisina nito bago siya bumalik ng hotel para sa seremonya.

Pribado ang pag-alis niya sa bansa kaya isang bodyguard lang ang kasama niya. Ayaw niyang makaagaw ng kahit na anumang atensyon mula sa mga paparazzi at reporters.

Sa lahat ng miyembro ng pamilya niya ay si Sweyn ang pinakamadulas sa mga ito. Kaya naman wala pa siyang naranasang eskandalo, hindi katulad ng kanyang mga kapatid at mga pinsan. Sabagay ay palagi siyang maingat lalo na sa mga personal niyang lakad. At kahit katulad ng ganito.

Naging maayos ang seremonya ng kasal. Masaya siya para sa kaibigang si Mattheo. Binati niya ito. Ang reception ay ginanap sa isa sa malalaking bulwagan ng hotel. Marami rin ang mga bisita doon na nasa iba't ibang antas ng sociedad dahil isang vlogger si Daisy, ang napangasawa ng kaibigan.

“Mahal ko talaga ang babaeng ’to,” sabi ni Mattheo sa wikang French. Pero nakatingin ito sa asawa na kausap ang ilang bisita ng mga ito. Masayang nakipagkuwentuhan ang babae sa mga kakilala nila.

Tinapik niya ang balikat nito. “Masaya ako para sa ’yo, Mattheo.”

Napabaling ito sa kanya. “Hmm... Pareho tayong treinta años na, Sweyn. Bakit wala ka pa ring babaeng napupusuan? Baka ikaw na ang susunod na ipagkasundo ng pamilya mo sa sinumang prinsesang maisipan nila. Baka wala kang kawala,” tudyo nito.

Napailing siyang natatawa nang mahina. Hindi nagtagal ay umalis rin ang kaibigan at ang Singaporean nitong asawa. Lilipad ang mga ito para sa honeymoon sa Australia dahil summer doon ngayon. Nagkakilala ang mga ito sa Europe at dito nagpakasal, pero titira ang mga ito sa Luxembourg.

Nagbihis siya ng kaswal pagkatapos niyang dumalo sa kasal. Ganoon din si Pierre. Iyon ay upang hindi makakuha ng atensyon. Marunong din itong mag-blend in gaya ng gusto niya. Hindi ito palaging nakadikit sa kanya kundi nasa katamtamang distansya lang. Sabagay, kung self-defense ang pag-uusapan, marunong naman siya dahil nag-aral siya ng martial arts mula high school, not to mention ang fencing at target shooting.

Nagkaroon sila ng katuwaan ni Lucas nang magpatuloy ang usapan nila sa gabing iyon. Pero umuwi rin ito nang tinawagan ito ng asawa dahil sa emergency. Dinala daw sa ospital ang anak nitong nilalagnat. Kaya mag-isa na lang na umiinom ang

binata habang nanonood sa view ng tatlong towers.

Napatingin pa siya sa ibang tao sa rooftop. May nakaagaw sa kanyang pansin—isang babaeng kumukuha sa kanya ng larawan. Lalapitan sana ito ni Pierre, pero sinenyasan niya itong huwag gawin iyon kaya nag-blend in na lang ito sa ibang tao roon. Samantala, inobserbahan niya ang dalagang kumukuha ng videos at larawan. Nang umupo ito sa sofa ay saka na niya ito nilapitan at nakipagkilala.

Sa kalapitang ito at sa bawat segundong lumilipas ay lumakas ang dating nito para sa kanya. Hindi talaga masyadong maganda ang babae, pero may nagmamagneto sa kanya rito. Lampas-balikat ang buhok nitong napakaitim. Maliit pero medyo matangos na ilong, medyo singkit ang mga mata, maputi at petite. Manipis lang ang makeup nito at kakaiba ang halimuyak ng gamit nitong pabango. Iba sa nakasalamuha niyang mga babae sa Europe at ibang bansa.

Nasorpresa na lang siyang humaba ang usapan nila hanggang sa mapalagay ang loob nito. Napagalaman niyang hindi ito nagsinungaling sa kanya. Hindi ito isang reporter gaya ng naisip niya kundi ay talagang travel agent ayon sa sinabi nito nang tanungin niya. Ipinakita nito ang mga larawang

nakuha sa camera.

Hindi na niya napigilan ang sariling huwag itong halikan. Kanina pa siya naiintriga sa dalaga habang kausap ito. Ang lamyos ng tinig nito at ang ganda ng mga labi nito sa tuwing bumubuka habang nagsasalita. Para siyang nahihipnotismo at palaging napapadako ang mga mata niya rito.

Tama nga siya sa kanyang impresyon. Malambot at matamis ito nang tikman niya.



Pagka-order ni Ezza ng cocktail ay umupo siya sa sofa. Napagod na rin siya sa kalalakad sa buong araw. Siguro mga kalahating oras lang pagkatapos niyang mag-enjoy ay babalik na siya sa kanyang hotel.

Umiinom siya habang nags-selfie. Tapos na siyang kumuha ng maraming pictures at ilang videos. Siguro naman ay masa-satisfy niya si Bing sa mga ito.

“Mind if I sit down?”

Napalingson siya sa may-ari ng magandang boses na iyon, isang matangkad na lalaking Caucasian. Unang tingin pa lang ay minagneto na ang mga mata niya rito. Kaswal lang ang suot nito gaya ng ibang naroroon—t-shirt, jeans, at sneakers. Pero sumisigaw ng iba’t ibang brands ang mga iyon.

Hindi fake.

Napalingon siya sa kinauupuan niyang sofa. Siya lang ang mag-isang nakaupo roon. Ang ibang tao ay busy sa kae-enjoy sa view. Napatanong siya sa sarili kung bakit tatabi talaga ito sa kanya gayong ang dami pang libre.

Kumibit-balikat siya. “No.” Wala naman siyang nakikitang masama kung tatabi ito.

Hindi niya alam kung paano, pero nagkuwentuhan na silang dalawa pagkatapos nitong itanong kung mag-isa lang siya. Kahit estranghero ito ay agad siyang nakaramdam na hindi ito masamang tao. At mas napag-aralan niya ang katangian nito.

Maikli ang buhok nito na parang military cut. Light brown ang buhok, asul ang mga mata, napakatangos ng ilong, napakaganda ng porma ng mga labi na animo’y nagsasabi sa kanyang instinct na masarap itong humalik at nakakahalina ang mga iyon lalo na’t nakangiti ito. At clean-shaven ang mukha nito.

Ang isa pang nakaistorbo sa pandama niya ay ang bango nito. He smelled nice and clean and unique. Ang timbre ng boses nito ay sakto lang sa pandinig. Magandang pakinggan. Siguro ay hindi siya magsasawang pakinggan iyon kahit na kapag

nagkataong boring ang topic nito.

Pero hindi ito boring kausap. Sa katunayan nga ay ang kalahating oras niya ay naging isang oras mahigit. Medyo tipsy na rin siya. Kanina pa siya umiinom ng iba't ibang inumin. Nasorpresa pa siya sa sarili kung bakit klaro pa ang pag-iisip niya at hindi pa siya sumusuray kung maglakad o kaya ay nahihilo.

“Here’s to us who are left alone by our peers!” nakangiting sabi nito na itinaas ang kopitang hawak. “They bailed on us, huh?”

Nakangiting pinakalansing nila ang kanilang mga hawak na kopita. Nang maubos nila ang laman niyon ay um-order pa ito para sa kanila.

“I really think I had enough drinks already,” tanggi ni Ezza. Pero iniinom pa rin niya ang bigay nito. Masarap ang cocktail na in-order nito.

Nalaman niyang nasa military ang lalaki sa Luxembourg. Isang officer na hindi niya matandaan. O kaya hindi nito sinabi ang detalye? Busy kasi siya sa pakikinig sa boses nito.

“You know what? I’ve been drinking here all by myself for hours! Then, I found you sitting here all alone.”

“Oh, really? Me, too. I’ve been bar-hopping all

night!”

Kapwa sila napatawa.

“How did it go?” tanong nito na ipinatong sa mesa ang wala nang lamang kopita. Pumihit ito upang humarap sa kanya at tinitigan siya sa mukha.

Wish lang niyang okay pa rin ang makeup at lipstick niya. Last na retouch niya ay sa Fullerton pa. Ilang oras na rin ang nakalipas. Teka, bakit bigla siyang na-conscious sa hitsura niya? O dahil sa kung paano ito makatingin sa kanya at sa kalapitan nito ngayon?

Kani-kanina lang ay puwede pang makaupo ang dalawang tao sa pagitan nila. Ngayon ay halos magkadikit na ang mga katawan nilang dalawa habang nagkukuwentuhan. Sigurado siyang ito ang lumalapit sa kanya dahil nasa edge na siya ng sofa na inuupuan sa simula pa lang.

“Oh, this is the best place, I think.” Ipinakita pa ng dalaga ang mga pictures at videos na nakuha sa camera na hawak. Dahil dito ay magkalapit talaga silang dalawa habang bino-browse ang pictures at pinanood ang ilang video clips.

“Hey, you got me here,” natatawang saad ni Sweyn. Itinuro nito ang sarili malapit sa kuha niyang tatlong towers. Timing na napalingon ito at kuhang-



kuha nga niya iyon na tila sinadya.

Hindi niya napuna iyon kanina. Napamaang siya at napatawa. “I really didn’t notice you back there.”

“Really, huh?” Parang hindi ito makapaniwala, pero mukha namang hindi galit kundi ay amused.

Nagkatinginan sila. Napalis ang kanilang mga ngiti habang kapwa napahagod ng tingin sa isa’t isa. Biglang nanuyo ang lalamunan ni Ezza at lumundag ang puso niya. Inabot nito ang kanyang leeg at hinawakan siya nang banayad.

Bago pa niya malaman kung ano ang susunod na mangyayari ay inilapit ng lalaki ang mukha sa kanya. Napasinghap siya nang bahagyang sumayad ang mga labi nito sa kanyang bibig.

Parang agad nag-shut down ang system niya dahil sa naramdaman. Lahat ng tunog at mga tao sa paligid ay parang biglang nag-mute gamit ang remote control. Ito lang ang nakikita niya. Bakit hindi? Nakadikit ang mga labi nito sa mukha niya habang dilat ang mga mata niya. Bukod dito, ang tanging nararamdaman rin niya ay ang hininga, ang mga labi, at halik nito. He tasted sweet and spicy. It was good. Parang nakaka-addict.

Napapikit tuloy siya ng mga mata at lalong ninamnam ang halik nito. Ang sarap nitong humalik!

Tinugon niya nang marahan ang halik nito. Parang sa kanila ang lahat ng oras. Hindi nagmamadali. Parang ayaw tapusin iyon anumang sandali.

Hindi na niya matandaan kung paano at kung kailan, pero napuna na lang niyang nasa loob sila ng isang maganda at malaking suite. Magkahinang ang kanilang mga labi. Magkadikit ang kanilang mga katawan sa isang mahigpit na yakap sa isa't isa. Naghihiwalay lamang sila kapag hinuhubad nang paisa-isa ang kanilang mga kasuotan.

## CHAPTER *Two*

**B**inuhat ni Sweyn ang dalaga patungo sa kama at marahan itong inilapag doon. Ang mga labi nila ay magkahinang pa rin. Nakapulupot sa leeg niya ang mga braso nito. Ang mga kamay niya naman ay naglalakbay sa malambot at makinis nitong balat na parang seda.

Ang mga labi nito ay tila prutas na sinimsim niya ang katas. Naramdaman niya ang pagkatunaw ng inhibisyon nito ngayon. Hindi katulad kanina nang una nitong sinubukang tugunin ang halik niya. Natuwa siya dahil dito.

Gamit ang isang tuhod niya ay marahan niyang ipinaghiwalay ang dalawang hita nito. Sa suot nitong sundress na halos hanggang tuhod ay ang mga

binti lang ang nakita niya kanina. Sa haplos niya ay kasing-lambot at kasing-kinis ito sa ibang parte ng katawan nito.

Narinig niya ang mahinang ungol ng dalaga nang maramdaman nito ang banayad niyang paghaplos sa pinakapribadong parte nito sa katawan. Napasinghap ito nang magpatuloy siya sa paghimas doon.

Umarko ang likod nito nang sinabayan niya ng pagsimsim sa isa sa mga tuktok ng dibdib nito. Napakapit ito sa kanyang batok. Medyo nanginig ang katawan nito nang marahang dumaloy ang nektar mula sa talulot.

Pinagmasdan niyang maigi ang mukha ng kaniig at hinaplos niya ang buhok nito na nagkalat sa unan. Marahan itong nagdilal ng mga mata na nanlalabo dahil sa pagnanasang naramdaman, gaya niya. Kinabig nito ang kanyang ulo at hinalikan siya sa labi.

Kinontrol ni Sweyn ang sarili at kahit na sobrang pinagnasaan na niya ito ay nasa isipan pa rin niya ang gumamit ng proteksyon. Buti na lang boy scout siya at dapat lang dahil sa mga obligasyon at estado niya sa buhay bilang prinsipe.

Napaungol na lang siya nang mahina at

marahang ibinaon ang kanyang pagkalalaki sa masikip pa nitong entrance. Ang bilis ng tibok ng puso nilang dalawa. At kapwa sila naghahabulan ng hininga.

Natatakot siyang masaktan ang dalaga. Marahan niya itong inangkin habang pumorma ang mga butil ng pawis sa kanyang noo at katawan. Sa totoo lang ay ngayon niya lang nasubukang makipagniig sa isang birhen.

Napadaing ito sa pagpasok niya at sa bawat paggalaw niya. Napamura siya sa isipan. Hinalikan niya ito at ibinulong ditong mag-relax hanggang sa naramdaman niya iyon. Kahit paano ay natuto itong salubungin at sabayan ang kanyang ritmo.

*Oh, God!* anang isipan niya. Napaungol siya sa bawat galaw ng balakang nito. Hindi na niya napigilan pa ang sarili. Binilisan na niya ang pag-indayog ng kanilang mga katawan. Hanggang sa tuluyan na silang nakarating sa dulo ng kasiyahan.

Banayad niyang kinintalan ng halik ang tungki ng ilong ng babae at ang bibig nito. Pero hindi siya agad na kumawala nang matikmang muli ang mga labi nito. Ang sarap talagang halikan nito! Hindi talaga siya magsasawa rito.

Pinaunan niya sa kanyang braso ang babae at

niyakap ito sa baywang. Nakadikit sa dibdib niya ang malambot nitong dibdib. At kapwa sila nakatulog sa ganoong ayos.



Nang idilat ni Ezza ang kanyang mga mata ay kumurap muna siya. Naramdaman niyang may nakayakap sa kanyang baywang. Nang lingunin niya ito ay nalaglag ang panga niya. At sumunod dito ay naramdaman niya ang kakaibang pakiramdam sa katawan niya.

“Diyos ko! Ginawa ko talaga?” napabulong siya sa sarili.

Napakagat-labi siya. Marahan siyang humiwalay para bumangon at bumaba ng kama. Nang tingnan niya ang cell phone ay eksaktong treinta minutos na lang at morning call na nila para sa tour. Napamura siya sa isipan habang hinahanap ang kanyang underwear. Sinubukan niyang huwag maging maingay. Ayaw niyang magising ang lalaki dahil bukod sa nahihiya siya, wala naman silang dapat na pag-usapan pagkatapos ng nangyari kahit na malaman nitong unang pagkakataon niya itong ginawa. Hindi niya alam kung ano ang magiging reaksyon o sasabihin ng lalaki. Kaya i-save na lang niya ang bawat isa sa anumang awkwardness or

something.

Hindi siya umaasang may strings attached sa nangyari sa kanila. Nagkataon lang na nasa pareho silang lugar at oras at nagkaintindihan sa mga sandaling iyon. Kagabi. Kaya wala siyang pinagsisihan na ginawa niya iyon. Alam naman niyang sa malao't hindi ay gagawin rin niya ang bagay na ito kapag nagkataon.

Kahit na hindi siya naniniwala sa pag-ibig o kasal ay natural lang na kailangan din ng tao ng pakikipagniig kung gugustuhin o kaya naman ay ayon sa sitwasyon niya. At sinabi niya sa sariling iyon nga ang nangyari kagabi. So, she was devirginized by someone from Luxembourg. No big deal. She would go on with her life. At sigurado siyang iyon din ang gagawin nito.

Patiyad siyang naglakad nang matapos makapagbihis. Pinulot niya ang camera at shoulder bag. Maingat rin niyang binuksan ang pinto para hindi magising ang lalaki. Lumingon siya sa huling pagkakataon sa natutulog na lalaki na kinumutan na niya dahil naka-display ang yummy na katawan nito. Kanina pa siya naglalaway rito, pero pinigilan niya lang ang sarili.

Sa di-kalayuan ng suite ay may lalaking foreigner

na may thick strap at mustache. Nakasandal ito sa dingding pero tumuwid nang makita siya at pasimple itong naglakad na nilampasan siya. Hindi na niya ito nilingon pa nang tumakbo siya patungo sa elevator na bitbit ang sandals at iba pa.

Agad siyang pumara ng taxi patungo sa hotel. Medyo na-late siya pero may mga kasamahan siyang nagka-hangover dahil sa kanilang bar-hopping kaya hindi lang siya ang na-late. Isa na doon ang boss niya at ang asawa nito. Kaya naman parang nabunutan siya ng tinik dahil hindi maitatanong ng mga ito kung bakit siya na-late.

“Wala ka bang hangover?” tanong ni Bing sa kanya.

Umiling si Ezza. Agad siyang napaiwas ng mukha habang naalala niya ang nangyari sa pagitan nila ni Sweyn kagabi. Sa isang banda, gusto niyang isisi ang lahat ng iyon sa ininom na mga cocktails na sari-sari na lang. Pero hindi. Ginusto niya talaga na mangyari rin ang maalab na tagpo. Klaro ang pag-iisip niya. Talagang na-attract siya sa lalaking iyon.

Nag-tour na sila sa araw na iyon sa mga tourist spots. Nang matapos ang three nights and four days na tour ay bumalik na rin sila sa Pilipinas.





Nagising si Sweyn na wala na sa kanyang tabi ang babaeng kasama niya sa magdamag. Nakita niyang pumasok si Pierre sa suite niya pagkalabas niya ng banyo. Bagong bihis na ito. Sabay na silang kumain na dalawa.

“Nakatulog ka ba nang mabuti, Prince Sweyn?” magalang na tanong ng bodyguard sa wikang Luxembourgish, as usual.

Napatingin siya sa mukha nito. Bahagya siyang napatigil sa pag-spread ng butter sa kanyang sliced bread. Napangiti siya sa tanong nito at ipinagpatuloy ang ginagawa.

“Kailangan mo bang itanong ’yan, Pierre?”

Hindi ito agad nagsalita, mukhang nag-isip muna ng sasabihin. Kilala niya ito. Matagal na niya itong bodyguard at alam nito ang mga aktibidades niya. He trusted Pierre like a friend. Hindi naman malayo ang agwat ng kanilang edad dahil nasa trenta’y cinco ito.

“Nakita kong lumabas sa suite mo ang babaeng kasama mo kagabi, Prince Sweyn.”

Tumangu-tango siya rito. “I see. Kung gan’on hindi ka nakatulog kagabi.” Hindi ito umimik. “Puwede kang magpahinga mamaya. Wala naman akong masyadong gagawin maliban na lang sa

pakikipag-meet sa ilang NGOs bago tayo aalis mamayang gabi.”

Umiling ito. “Okay lang ako, Prince Sweyn. Nandito ako para gawin ang trabaho ko.”

Kumain na siya ng kanyang sandwich. “Suit yourself.”

Tumunog ang kanyang cell phone. Si Sophie, ang kanyang nakababatang kapatid, ang tumatawag. Napakunot-noo siya.

“May problema ba?” agad niyang bungad sa wika pa ring Luxembourgish. Alam niya kasi na kada tawag nito ay may problema o gulong kinasasangkutan ang kapatid na nasa isang boarding school sa England.

“Nasaan ka ba ngayon? Wala ka raw sa Luxembourg, sabi ni Sigmund!” Sa tantya niya ay masama ang ibig sabihin niyon.

“Personal na lakad. Bakit ba?”

“Bumalik ka na sa Luxembourg at dapat iwasan mo ang press, okay?”

“Iyan naman palagi ang ginagawa ko, ah. Kayo lang ni Sebastian at mga pinsan natin ang palaging nasa newspaper o social media, di ba?” punto niya.

“This is really serious, Sweyn,” anang kapatid. Seryoso ito. Naramdaman niya iyon.

“Bakit nga?” inis na tanong niya ulit. Tumayo na siya mula sa kinauupuan habang nakikinig lang nang mataman ang bodyguard niya sa kanyang mga salita. Palakad-lakad na siya.

“May nasabi ako na ginawan ng negatibong artikulo tungkol sa ’ting dalawa.”

“Ano? Ano’ng tungkol sa ’ting dalawa?”

“That... we’re incest,” mahinang tugon nito.

Napatigil siya sa paglalakad. “What?” bulalas niya.

“I know, right? It’s really twisted! But I don’t think we’ll easily get away with this.”

Napamura si Sweyn. Hindi lang dahil sa Katolikong bansa at monarkiya ang Luxembourg para maging isang malaking eskandalo ang bagay na ito kundi sa ibang bansa na rin at sa pangkalahatan. Hindi na uso ang ganitong relasyon sa royal families. Ayaw niyang mawalan ng respeto ang mga tao sa pamilya niya. Bilang kapatid ng kasalukuyang ruling monarch na si Grand Duke Sigmund, ang nakakatandang kapatid niya, ay malaking bagay ito. Siya na pangalawang apo ng Grand Duke at Grand Duchess noon at first successor ng kapatid na wala pa ring anak sa asawa nito ay dapat na suportahan ang kapatid na nasa trono. Gusto niyang malaman

kung bakit biglang nagkaganito ang sitwasyon niya. Ang sama nito.

“Bakit ba? Paano ba nangyari ’yon? Ano ba kasi ang nangyari?” tanong niya sa beinte años na kapatid.

“Hindi ko masasabi sa phone, okay? It’s a bit complicated. Pero alam na ni Sigmund ang tungkol dito. Sabi niya, he’ll handle it. But I know that he cannot do it without you. You have to do something about it, Sweyn. I swear—”

“Damn it, Sophie! Umuwi ka!” sigaw niya sa kapatid. Napahingal siya sa galit. Parang gusto niyang itapon ang cell phone. Narinig niya ang protesta ng kausap.

“Kung uuwi ako, I think it’ll just get worse!”

Napapikit siya nang saglit. “Fine! I’ll take care of your mess when I get home!”

Napatingin sa kanya nang may concern ang bodyguard pagkatapos ng tawag na iyon mula kay Sophie. Napailing siya kay Pierre at sinabi rito ang sitwasyon. Dapat nga niyang resolbahin ang bagay na ito sa lalong madaling panahon bago pa ito lumala.



Dahil wala silang social media manager, si Ezza

ang nagme-maintain sa kanilang pages. Nag-post siya ng blog at vlog posts at pictures sa kasalukuyan nilang tour sa Singapore. Gumawa rin siya ng ilang reviews na pinost niya sa kanilang website at social media accounts.

Napatitig siya sa kuha niya sa tatlong towers kung saan nandoon si Sweyn. Na-upload niya iyon pero agad din niyang dinelete.

“O, ba’t mo binura? Ang guwapo ng nasa picture, ah,” puna ni Bing na nasa likuran pala niya at nag-obsërba.

Tumikhim siya. “M-may iba akong kuha na wala siya. Mas maganda,” palusot na lang niya.

Hindi na namilit sa kanya si Bing. Nagpaalam na itong mauna sa kanya na umalis nang dumating ang asawa dahil may date pa raw ang mga ito. Pagkatapos ng isang oras ay uwian na niya. Isinara niya ang opisina at nagtungo sa pinakamalapit na convenience store para bumili ng grocery.

Naratnan niya ang kanyang Ate Zara na nasa bahay nila. Nakatira sila sa iisang compound. Ang bahay nitong bungalow ay ilang metro lang ang layo mula sa kanilang bahay ng mga magulang nila.

Nasa kusina ang kanyang kapatid at ina at nag-uusap ang mga ito tungkol sa asawa ng una.

Bumaling ang mga ito sa kanya nang makita siyang pumasok doon. Nakita niyang naghahanda ng hapunan ang kanilang ina. Ipinatong niya sa mesa ang mga pinamili.

“Kaya nga ayokong mag-asawa, eh,” sabat niya sa mga ito.

Napatawa ang kanyang kapatid. “Bakit ba? Sino ang nagpasok niyan sa kukote mo?”

Napatingin siya sa mga ito. “Kayong dalawa. Si Nanay, ever martyr! Okay lang kung kailan uuwi dito si Tatay mula sa kabit niya. Ikaw naman, nakapag-asawa ng foreigner pero hindi mayaman. Wala pang trabahong matino kundi ang freelance writing. Pananahi lang ang kaya mong gawin, Ate. Palagi pa kayong nag-aaway dahil wala kayong pera. Ano ba ang silbi ng pagsasama n’yo, ha?”

Hindi ito nakaimik.

“Huwag mo nga kaming pagsalitaan ng ganyan ng Ate Zara mo,” saway ng ina nilang si Mina.

“Dahil mahal n’yo ang asawa n’yo, gan’on?” Napailing-iling siyang tinalikuran ang mga ito. “Ano ba talaga ang silbi ng commitment n’yo sa isa’t isa kapag ganyan? Hindi kayo masaya sa buhay n’yo,” dagdag niya habang papasok sa kuwarto niya.

Alam niyang kahit paano ay nagsisi ang kanyang

kapatid na nagpakasal sa foreigner nitong asawa. Iyon nga lang ay hindi ito puwedeng makipag-divorce. Ang annulment ay kailangan ng malaking halaga at malaking rason para maaprubahan. Matetengga pa ito nang ilang taon. Masyadong komplikado. Ang problema din ay ayaw makipaghiwalay ng asawa nito sa ate niya.

“Mabait si Eric,” sabi ni Zara. Nakatayo ito sa pintuan ng kanyang silid at nakasandal sa hamba nang nakakuros ang mga braso.

Pagkabihis niya ng pambahay ay hinarap niya ito. “Huwag mo na kasing depensahan, Ate. Mahal mo na nga ’yung tao nang hindi ko maintindihan. Bahala ka na sa buhay mo. Pero ako, ayoko talagang magkaroon ng ganyang problema sa buhay ko.”

Napangiti ito nang mapait. “Titingnan lang natin. Baka kakainin mo rin ang mga salita mo balang-araw.”

Napaawang ang mga labi niya. Gusto niyang itanggi iyon, pero hindi na lang niya itinuloy. Tumalikod ang kanyang ate.

“Sabay na daw tayong kumain. Tatawagin ko lang si Eric.”

Napabuntong-hiningang tiningnan ni Ezza ito na lumabas ng bahay. Umalingawngaw sa isipan

niya ang mga salita nito. Did her sister just curse her or was it just a plain warning? Kinabahan siyang hindi niya mawari at lumipad ang kanyang isipan kay Sweyn. Agad siyang napapilig ng ulo.

Ayaw niyang isipin ang lalaking iyon. Mga isang linggo na ang nakalipas mula nang magkakilala sila. Nasa Luxembourg na ito malamang at kinalimutan na ang nangyari sa kanilang dalawa. One-night stand nga lang ang nangyari, di ba? Walang espesyal doon. No strings attached, which worked for her.

Nang lumabas siya ng kanyang silid ay nakasalubong niya ang kanyang kapatid kasama ang asawa nito. At nalaglag ang panga niya nang mapagsino ang dalawa pa.

“Hinahanap ka niya,” ani Ate Zara na itinuro si Sweyn.



## CHAPTER *Three*

*A*gad na kinausap ni Sweyn ang dalawang akapatid na sina Sigmund at Sebastian nang dumating siya sa Luxembourg galing Singapore. Pagkatapos ng labing-anim oras na flight ay hindi na siya nagpahinga pa. Ayaw niya kasing patagalin at palalain pa ang sitwasyon. The faster they resolved this issue, the better. Kapag may napagkasunduan silang magkakapatid ay saka nila kakausapin ang kanilang PR para mag-release ng counter article.

“First things first. Paano nagkaroon ng ganitong issue?” aniya sa wikang Luxembourgish. Ito ang palaging gamit nila kaysa sa French at German na parehong lengguwaheng gamit sa Luxembourg.

Nasa library sila sa bahay ng Grand Duke. Nakatayo siya habang nakaupo sa kani-kanyang single couches ang dalawang kapatid.

Nakadekuwarto si Sebastian habang maayos na nakaupo si Sigmund. Kapwa nakatingin ang mga ito sa kanya na nakatayo sa gitna ng silid. Hindi siya mapakali.

“Nagsimula sa isang party na dinaluhan ni Sophie. Birthday party ni Blanche.”

Tumango siya. Kilala niya ito. Best friend ng kapatid niya ang babae at kasama nito sa all-girls boarding school. Ilang beses na rin niya itong namet sa tuwing umuuwi si Sophie. Alam niyang may crush ito sa kanya dahil sinabi iyon ng kapatid niya.

“Okay. So what happened?” marahang tanong ni Sweyn.

“May isang lalaking palaging dumidikit sa kanya sa party. Nagpapansin pero hindi niya type,” si Sebastian ang sumalo.

Napatawa siya nang mapakla sa narinig. “Of course! Pihikan ’yon,” komento niya.

Napangiti ang mga kapatid niya. Kilala nila ang nag-iisang kapatid na babae pagdating sa mga lalaki. May mataas itong standards.

“What went wrong is that the whole thing was

a prank-turned-controversy,” sabi ni Sigmund. Napabuntong-hininga ito. “It was like a setup or something just to get something out from Sophie. Marami na kasi siyang binasted na mga lalaki. And that punk... parang na-challenge lang sa kapatid natin. So, may kaibigan ’yung lalaki na nagvi-video pala sa kanila almost the entire time hanggang sa makunan na nga ang usapan nila tungkol sa pagiging incest n’yo ni Sophie.”

“God!” Napahilamos sa mukha si Sweyn.

“At first, itinanong ng lalaking ’yon kung ano ang standards ni Sophie sa isang lalaki. You know her. She adores you,” sabi ni Sebastian na kumumpas. “Ikaw ang hero niya sa ating tatlo. Naturally, ang s’abi niya ay ikaw. It so happens na kilala ka n’un kahit na ikaw ang hindi palaging nasa diyaryo at halos palaging incognito sa publiko o invisible sa media.

“Alam ng lalaking ’yon na wala kang girlfriend. Ginawa ’yung dahilan na may indecent relationship kayo ni Sophie. Plus, lumala pa ’yon dahil sinabi ni Blanche na palaging dala-dala ni Sophie ang jacket mo noong high school na kasya sa kanya.”

Napaungol siya at muling napamura. “Gusto niya ’yon dahil puwede siyang magmukhang lalaki kapag suot ’yon. Nagagamit niya ’yon kapag

tumatakas siya sa boarding school o kahit na dito mula sa mga bodyguards niya.”

“See how twisted it got so far?” ani Sebastian.

“Baka inisip ng lalaking ’yon na inamoy-amoy ’yon o itinatahi sa pagtulog ni Sophie para maisip nitong nasa malapit ka lang,” sabi ni Sigmund. Napangisi ito na nanunudyo sa kanya.

Binigyan niya ito ng masamang tingin. “That’s really gross! Weird!” Kumislot ang mukha niya.

Nagkatawanan ang dalawang kapatid.

“So, you got the short version of the story. Nakapag-release na ako ng initial statement na nagdeny sa issue na ’to,” dagdag ni Sigmund.

“Salamat,” sabi ni Sweyn dito. Umupo siya sa isang mahabang sofa sa tapat ng mga ito.

“So, ano ang naisip mong solusyon?” tanong ni Sebastian.

“Right. Dapat nga akong mag-isip pa ng solusyon. I’m sure this won’t sit well sa publiko kahit sa initial statement mo, Sigmund.”

“Kaya ang naisip kong solusyon ay dapat—” umpisa ni Sigmund nang biglang bumukas ang pinto ng library.

Napamangha silang tatlo nang makita ang kanilang lola na si Dagmar, dating Grand Duchess

of Luxembourg. Napatayo sila upang batiin ito. Hinalikan nila ito sa pisngi at umupo ito sa tabi niya.

“Alam ko kung bakit may meeting kayo rito,” sabi nito. “Bakit hindi n’yo ako isinali?”

“Lola, ayaw ka naming ma-stress,” sagot ni Sigmund.

Nag-abdicate sa trono ang biyudang lola nila sampung taon na ang nakalipas kaya sa edad na beinte y cinco ay naging Grand Duke si Sigmund, tatlong buwan pagkatapos ng kasal nito. Pagkatapos niyon ay siya ang ginawang successor. Pumangalawa si Sebastian at pumangatlo si Sophie. Ito ay ayon sa kanilang batas.

“Kung gan’on, may naisip na kayong solusyon sa issue nina Sweyn at Sophie?” pakli nito kay Sigmund. “Huh! Hindi ko akalain sa tanang buhay ko na may issue akong marinig na ganito.” Napasulyap ito sa kanya bago muling bumaling sa Grand Duke.

Napatingin sa kanya sina Sigmund at Sebastian.

“Magpapa-press conference si Sweyn.”

“At gan’on lang? Paano ’yung mga tanong ng press? Alam n’yo ba kung ano ang maaaring itanong nila para hindi mapalala ang isyung ’to? Baka naman maluluto lang si Sweyn sa sarili mong mantika, Sigmund. Tandaan mong siya ang tagapagmana ng

trono mo. Ayokong mawalan siya ng titulo nang wala sa oras dahil sa eskandalo. It's not right.

“At ayokong si Sebastian ang papalit sa lugar niya. Walang kuwentang batang ’to. Puro na nga eskandalo ang bigay sa pamilya natin, eh! Si Sweyn lang ang malinis sa inyong magkakapatid. Maingat na bata simula pa noon,” litanya ng setenta y dos años na abuela.

Napayuko si Sigmund habang napakamot ng batok si Sebastian.

“Lola, please don't start. Nandito kami para masolusyunan ang problema,” marahang pakiusap ni Sweyn sa matanda.

“Totoo naman ang sinasabi ko, ah! Si Sigmund, nag-asawa ng biyuda at hanggang ngayon walang anak. Sampung taon na. Dahil may problema. At itong si Sebastian, nag-overspeeding sa America, nahuli. Hindi lang ’yon, nagmaneho pa siya nang nakainom at may marijuana sa loob ng glove compartment!”

“Hindi akin ’yon, Lola,” protesta ni Sebastian.

“Heh! Kahit na! Nahuli kang nagkaroon n'un kaya repleksyon din ’yon sa pagkatao mo,” sabi ng dating Grand Duchess. “Alam n'yo, ayos lang sa ’kin ang naisip n'yong press conference at isang artikulo

na mula mismo kay Sweyn. Pero mas epektibo kung may third party na kasali.”

Napakunot ang noo ng tatlong lalaki na napatingin sa matanda. Napabaling ito sa kanya. Tinapik-tapik nito ang kanyang pisngi nang marahan. Alam ng lahat na siya ang paboritong apo nito sa lahat kahit na ayaw man nitong aminin. Klaro iyon kapag pinapagalitan nito ang mga kapatid niya o kaya naman ay mga pinsan.

“Third party?”

“Pumili kayo. May itinatagong boyfriend kuno si Sophie o may itinatagong fiancée si Sweyn.”

Napanganga sila dito. Pagkatapos ay napatawa siya nang mapakla, pati na si Sebastian.

“Hindi ’yan gagawin ni Sophie, Lola. Saan naman siya mangangapa ng nobyong pareho kay Sweyn? Sa katinuan, sports... o katawan? The press will be swarming all over to whoever the poor stand-in guy is. Everything will blow off in no time. Lalala ang sitwasyon. At lalong ayaw magsinungaling ni Sweyn!” ani Sebastian. “Si Sweyn pa? He’d rather cut off his tongue!”

Napatingin sa kanya ang lahat ng pares ng mga mata. Napakurap-kurap ang binata.

“Apparently, Sophie being the option is off the

table. So, ako ang natitira,” aniya, stating the obvious. “So, no. I won’t cut off my tongue, Bastian.”

“Huh? Talaga lang, ha? Ano’ng naisip mo? Talaga bang gagawin mo ang sinasabi ni Lola? Okay lang sa ’yo na magsinungaling this time sa press at sa publiko? Wala ka man lang girlfriend, di ba? Itinago mo man o hindi,” punto ng beinte y cinco años na kapatid. “Kung ako, walang problema.”

Napa-chuckle siya at pati na ang lola niya at si Sigmund.

“Hindi ka nawawalan ng babae,” ani Sigmund at napatawa.

“Sweyn is the right choice. May kredibilidad siya,” turan ng lola nila.

“Pero saan ang puwedeng gamiting ebidensya na hindi fake? Hindi tayo puwedeng mag-cut out lang ng pictures o mag-*PhotoShop* na may babae nga siya, Lola,” giit ni Sebastian.

“Group pictures? Sabihin lang na hindi sila nagpahalata,” suggestion ni Sigmund. Nakaismid ito at kumumpas. “May mga parties at events tayo na may maraming babae na kasama doon.”

Umiling si Lola Dagmar. “Huwag gan’on. Wala akong gusto sa mga babaeng umaali-aligid kay Sweyn. At alam n’yo na kung bakit.”



“Sa ’yo nagmana kung bakit pihikan si Sophie, Lola,” mahinang turan ni Sebastian. Ngumisi pa ito.

Inismiran ito ng matanda. Bumaling ito kay Sweyn. “Wala ka ba talagang ibang puwedeng maisip na magmukhang authentic?”

Biglang napadako ang isipan ni Sweyn kay Ezza. Pero umiling siya sa matanda. Ayaw niyang idamay ang dalaga sa isyung ito. It was clear to him that she didn’t want anything to do with him. Hindi man lang ito nag-iwan ng numero at hindi rin ito nanghingi ng contact details niya.

Muli ay umiling siya.

Inabot ng abuela nila ang bell na nakapatong sa center table at pinatunog iyon. Pumasok si Pierre.

“Sabihin mo nga sa ’kin kung sinu-sino ang mga babaeng nakasama ni Sweyn, Pierre,” utos nito sa kanyang bodyguard.



Napakurap-kurap si Ezza nang makita siya nito kasama si Pierre. Kinusot pa nito ang mga mata. Mukhang hindi talaga ito makapaniwalang nandito siya ngayon sa bahay nito.

“Huh?” anitong itinuro si Pierre.

Napalingon siya sa bodyguard. Naalala rin pala ito ng dalaga. Siguro ay gumawa ito ng nakaka-

impress sa huli. Pero kumibit-balikat ang kanyang bodyguard.

“Hi. Sorry for barging in like this,” umpisa niya.

“I think they need to talk alone,” narinig niya mula sa asawa ng kapatid ng dalaga. Iyon kasi ang pakilala ni Zara sa kanila nang pinagbuksan sila nito ng rehas na gate. Hinila na ng Amerikano ang asawa nito patungo sa isang maliit na hallway.

Narinig ni Sweyn ang boses ng mga ito, siguro sa kusina. Ang ina sa hinuha niya ay hinahanap si Ezza.

“Why are you here? How did you even know my address?” Nalilito itong nakatingin sa kanya at sa bodyguard niya.

“Hoy, Ezza! May mga bisita ka pala. Bakit nakatayo lang kayo diyan?” sabat ng isang may edad na babae na nasa cincuenta años. Katamtaman lang ang katawan nito at nakasuot ng daster. May pagkahawig pala si Ezza sa ina nito, nadiskubre niya. “Come in. Let’s eat!” kumbida pa nitong nakangiti na bumaling sa kanila ni Pierre. “I’m Mina, Ezza’s mother,” dagdag nito.

“Nay naman, eh,” sabi ng dalaga sa mahinang boses. “Hindi mo nga kilala ang mga ’to, inimitahan mo pang kumain. At ano ba ang ulam natin? Alam mo namang kapareho ito ng balat ni Eric, eh.

Kailangan nila ng cheese o kaya karne. Ewan ko lang kung ano ang kinakain ng mga ito!”

Napatawa si Mina. Napabaling ito sa kanila ni Pierre.

“Come. Come inside.” Inignora lang talaga ito ng nakatatandang babae.

Nagkatinginan sila ni Pierre. Napuna niyang napabuntong-hininga si Ezza. Sumenyas na ito sa kanila na sundan ang ina nito habang isinasara nito ang pinto.

Napansin ni Sweyn ang maliit na sala ay may old furniture na may brown leather upholstery. May family picture na nakapatong sa TV. Ang maliit na hallway ay patungo sa kusina kung saan may hapagkainan. Nakapagitan iyon sa kabilaang mga kuwarto at banyo. Napatanong siya sa sarili kung alin ang silid ng dalaga.

Napasulyap siyang muli sa suot nitong shorts at maluwang na t-shirt na pambahay. Cute itong tingnan kahit sa lumang damit.

Tumayo ang kapatid ni Ezza at binigyan sila ng monobloc chair. Tinulungan ito ng Amerikanong asawa nito. Nakangiti sa kanila ang mga ito.

“That’s how it is here. It’s all about being hospitable,” komento ni Eric.

Umupo na sila habang binigyan sila ng pinggan at kubyertos ng ina ni Ezza. Nagsisiksikan sila sa plastic round table.

“Don’t be ashamed. Let’s eat,” saad ni Mina.

Nakita niyang napakamot sa batok si Ezza. Napatingin ito sa pagkain. Tinolang bangus na may malunggay, sardinas, kanin at mukhang leftover na apat na hotdogs. Napangiwi pa ito at napangiti tuloy siya. Alam nitong ang huling tatlo lang ang siguro safe niyang kainin dahil hindi pa siya nakakita ng sinabawang isda na may ganitong hinalong maliliit na dahon.

Inabot ni Pierre ang pinakamadaling kainin—kanin, sardinas at hotdog. Siya naman ay sinubukan ang isdang may sabaw. Alanganing napatingin sa kanya si Ezza bago ito napasulyap sa bodyguard niya. Mamaya, tatanungin niya si Pierre kung ano ang istorya ng mga ito.

“Let me,” sabi ni Mina na kinuha ang plato niya. Inalis nito para sa kanya ang tinik ng isda. Napatitig siya rito. Wala pang gumawa ng ganito para sa kanya. Ang isda sa kanila ay walang tinik, pulos fillet.

“Thank you,” aniya nang ibinalik nito ang plato sa kanya. Ngumiti ito sa kanya bago ito umupong muli sa puwesto nito, sa gitna ng dalawang anak.

Napatingin siya kay Ezza na nasa tabi niya. “Aren’t you going to eat? This one’s good!” sabi niya rito na napasulyap sa ina nitong napangiti nang pasasalamat.

“That’s milkfish. We call it bangus,” sabi nito sa kanya. “The belly part has less bones. So, that’s my favorite part.”

Tumango siya. Napasimangot ang dalaga.

“Wait. Why are you here?”

“Ezza, mamaya na nga ’yang tanong mo,” saway ng ginang. “Pakainin mo muna ang bisita mo.”

“Opo, ’Nay,” nasabi na lang nito. Inabot nito ang kanin at sinabawang isda.

Nagkuwento naman si Eric sa kanya na masarap ang bangus na kinilaw o kaya ay pinirito.

Pagkatapos nilang kumain ay pinagsilbihan sila ni Mina ng soft drinks ni Pierre sa sala. Iniwan na silang tatlo roon habang nagpaalam si Eric na uuwi ito sa bahay nito at naiwan sa kusina ang ina at kapatid ni Ezza para maghugas ng pinggan at linisan ang mesa.

“Again, why are you here?” tanong ulit ng dalaga.

“First, hear me out. I... have a problem. My family as a whole, that is.”

“What’s that got to do with me?”

Bumuntong-hininga ito. “Please, be my fiancée.”

Napamaang ito. May kalituhang bumahid sa mukha nito. Naalala pa niya kung gaano kalambot at kakinis ang mga pisngi nito. Para pa ngang gusto niya itong haplusing muli. Pero dapat ay magpokus lang muna siya sa isyu niya. Sa tingin niya ay hindi madaling kausapin ang babae tungkol sa problema niya. Wala silang relasyon o anopaman. His problem wasn’t hers, after all.

“Is this some kind of a sick joke?” anito.

Napatingin siya nang may desperasyon sa bodyguard. “Let me explain,” baling niyang muli sa dalaga. “Just hear me out, okay?”

Tumango ito. “Fine.”

Ipinaliwanag niya ang totoong nangyari at napansin niyang nakaawang ang mga labi nito habang nagkukuwento siya. Paulit-ulit siyang napamura sa isipan niya dahil gusto niya talagang halikan ang mga labing iyon. Ganoonpaman ay nagawa niya ring sabihin ang totoo kay Ezza.

Hindi ito agad nakapagsalita. Napasulyap ito kay Pierre.

“Y-you’re his bodyguard? And he’s a... prince?” sabi nito na parang wala siya sa harap nito. Pero napasulyap ito sa kanya.

---

Tumikhim si Pierre. “Yes, miss.” Mukhang pinigilan nito ang matawa sa reaksyon ng babae.

“I thought you were just some random guy loitering in the hallway,” saad ni Ezza na napatingin sa sahig.

Napangiti tuloy siya sa sinabi nito. Iyon pala ang dahilan na namukhaan nito ang bodyguard niya. Kung ganoon ay nakita pala nito ang lalaki nang lumabas ito ng suite niya sa hotel.

Tumayo itong bigla. “Get out!” pagpalayas nito sa kanila.

## CHAPTER *Four*

*H*indi makapaniwala si Ezza sa kanyang narinig. Totoo man iyon o hindi ay ayaw niyang madamay sa problema nito. Hindi siya isang pushover para gawin ang pabor na hinihingi nito. Magugulo lang ang buhay niya kapag nagkataon. Ayos na siya sa buhay niya ngayon. Well, before she met him, that is.

Walang nagawa ang dalawa kundi ang umalis. Lumabas naman ang kapatid at ina niya nang marinig ang sigaw niya nang pinalayas ang dalawang bisita. Talagang nag-effort ang mga ito na matunton siya. Naalala pa niyang hindi niya sinabing Pinay siya nang nagpakilala siya sa lalaki. Sinabi niya lang na nasa isang tour siya kasama ang boss.



Pero dahil sa snapshot ni Pierre na kuha nito sa kanila ni Sweyn sa gabing iyon habang nagkukuwentuhan at nag-iinuman ay ginamit iyon para ipahanap siya.

“O, bakit mo ginawa ’yon sa mga bisita mo?” marahang tanong ng ina niya.

Curious at nalilito rin ang hitsura ng kanyang Ate Zara nang masulyapan niya ito. Napamasahe siya sa kanyang sentido.

“Hindi ko lang gusto ang mga sinasabi nila, ’Nay.”

Napanganga si Mina. “Mukha namang mabait ang mga iyon.”

“Ah, basta.” Nagmartsa na siya papunta sa kanyang silid. Binuksan niya ang kanyang laptop nag-search sa Internet. Nagbo-browse siya habang nakisilip pala ang ate at ina niya nang hindi niya agad napuna. “Matingnan ko nga ang mukha ng mga ’yon sa net.”

Sinearch niya ang pangalan ni Sweyn Nassau sa *Google*. Clinick niya ang *Wikipedia* na information. Nandoon nga ang larawan ng lalaki. Si Sweyn nga. Nag-search pa siya ng ilang reports at nakita nga niya ang latest.

“Wow! Prinsipe ’yon?” bulalas ni Zara.

“Yung nandito sa bahay natin at kumain ng bangus?” anang ina niya.

“Na inalisan mo ng tinik, 'Nay,” dagdag ng ate niya.

Napalingon siya sa dalawa. Itiniklop niya ang laptop at itinabi iyon sa kama upang harapin ang mga ito.

“Ang tsismosa n’yo. Huwag n’yo ngang ipagkakalat ’yan.”

“T-teka lang, anak. Saan mo ba siya nakilala?”

“Sa Singapore, 'Nay.”

“Nitong isang linggo lang?”

“Opo.”

Nagkatinginan ang kanyang ina at kapatid. Gusto pang magtanong ng mga ito nang itinaas niya ang mga kamay. Huminga ang mga ito nang malalim na umawang ang mga labi pero umiling siya.

“Please lang. Later ko na sasabihin sa inyo ang lahat, okay? Kailangan ko lang i-check ang sinabi nila sa ’kin.”

Napatikom ng mga bibig ng dalawa. Sinenyasan niya ang mga ito na lumabas sa silid niya. Walang nagawa ang mga ito kundi ang iwan siya. Hinayaan na lang muna siya sa loob ng silid niya para mag-browse.

Clinick niya ang press conference na ginawa ng prinsipal araw na ang nakalipas. Nang tingnan niya ang petsa ng presscon, mukhang kababalik lang niya sa araw na iyon sa Pilipinas galing Singapore.

*“Prince Sweyn Addresses Recent Scandal: Incestuous Relationship With Sister Princess Sophie,”* basa ng dalaga sa titulo ng artikulo. Pinanood niya ang video ng press conference. Nakita niyang nakasuot ng jacket na itim at vest na puti na may gold sash ang binata. Pinaresan iyon ng itim na slacks.

Napahanga siya sa hitsura ni Sweyn. He looked very princely sa attire nito. Pero wala siyang maintindihan sa video ng press conference na ginawa nito dahil either French, German o Luxembourgish ang gamit nito ayon sa mga reporters na nagtatanong rito. Multilingual pala ang bansang ito, napagtanto niya. Pero namilog na lang ang kanyang mga mata nang makita ang picture na kuha ni Pierre sa kanila sa projector. Magkatabi silang nakaupo na nakangiti sa isa't isa. Paparazzi-like lang ang kuha ng photo.

“Shit! Inunahan na ako ng mga ’yon just to save their asses?” inis na napausal siya sa sarili.

Trinanslate niya ang page gamit ang suggestion ni *Google* to translate page para basahin ang content ng artikulo sa wikang Ingles. More or less, iyon daw

ang laman ng press conference. Nandilat pang lalo ang mga mata niya nang sinabi doon na siya ang itinatagong fiancée ni Sweyn. Hindi nito sinabi kung sino siya at saan siya galing para maprotektahan ang kanyang identity, ayon sa binata.

“What the hell? Mukha ko talaga ang nakabalandra, ah!” Nakita pa niya sa mga comments na hinahanap siya ng mga fans at supporters ng prinsipal at royal family sa social media. Lalo siyang napamaang dahil dito. Nataranta tuloy siya.

Mabilis siyang nagtungo sa kanyang *Facebook* at *Twitter* accounts. Paano ba niya ma-deactivate ang mga ito habang hinahanap na siya ng mga tao? Baka matunton siya ng mga ito. Ayaw pa naman niya na mapunta sa kanya ang spotlight. Pribado siyang tao kaya hindi nga siya masyadong nagpo-post sa social media. Nag-keep track lang siya ng connections sa mga kaibigan kung kailangan niyang makipag-usap sa mga ito o kung kailangan siyang kontakin ng mga ito. Pero hindi niya ginawang parang diary ito.

Binalikan niya ang comments. May kapo-post lang.

“Shit! Ang bilis!” May nakapag-screenshot na sa kanyang account sa *FB*. Napamura na naman siya.

Bumalik siya sa kanyang social media accounts

at pinindot ang deactivation button. Napabuntong-hininga siya.

“Pucha naman ang mga taong ’to! Idinamay pa talaga ako!”

Binasa niya ang mga bagong comments. May nagsabing nag-deactivate na siya ng accounts niya sa social media. Pero nakuha na ng mga ito ang pangalan niya kahit pinabaligtad niya iyon ng ‘Azze’. Napasapo siya sa kanyang noo. Naasar siya kay Sweyn at pati na kay Pierre. Lalo na sa bodyguard dahil ito pala ang may kuha ng picture na iyon.

Nagpa-press conference ang hunghang nang hindi man lang niya alam? Buti sana kung binigyan siya ng heads up man lang. Kahit slight lang. Pero paano niya ito ngayon makokontak gayong pinalayas niya ito nang hindi man lang tinanong ang contact details nito? Paano na niya ito makikitang muli at masusumbatan? Sa ayaw at gusto niya, damay na siya sa royal issue na ito. At sa lahat pa ng eskandalong mangyari ay incestuous relationship pa?

Aminado siyang hindi tipong incest ang binata. Naalala niya tuloy ang pagniniig nila noong gabing iyon sa Singapore. Napatapik-tapik siya sa kanyang dibdib. Parang naramdaman pa rin niya ang bawat halik at haplos ng lalaki sa katawan niya na siyang

nagpapainit sa kanya ngayon.

Lumabas siya sa kanyang silid. Napatigil siya at napasinghap dahil sa gulat. Naghihintay pala sa kanya ang ina at kapatid. Mukhang narinig rin ng mga ito ang mga pinagsasabi niya kanina sa sarili sa loob ng kanyang silid. Hindi siya kumibo sa mga ito. Dumerecho siya sa kusina para uminom ng tubig. Napatingin sa kanya sina Mina at Zara. Mukhang nawiwirduhan ang mga itong nakatitig sa kanya.

“A-ang prinsipeng ’yon, ‘Nay, Ate... idinamay ako sa eskandalo niya! Ginawa akong panakip-butas!”

Napamaang ang dalawa. Nagpatuloy siya sa kanyang pag-rant at ikinuwento ang buong istorya.



Napaisip nang malalim si Sweyn. He paced around his hotel suite, samantalang nakamasid lang at nakiramdam sa kanya ang bodyguard. Hindi siya susuko. Dapat na makumbinsi niya ang dalaga na magiging fiancée niya ito. Indefinitely. Hanggang sa humupa ang isyu. Pero baka naman lilitaw ulit iyon kapag nalaman ng publikong nag-break sila ng dalaga? Isa itong malaking dilemma para sa kanya.

Pero saka na niya iisipin iyon. He should just take one step at a time. Una ay dapat na mapapayag

niya muna si Ezza na maging pretend fiancée niya. Kahit iyon lang. Gagawin niya ang lahat para pumayag ito.

Nagkaroon siya ng ideya. Nag-*Google* siya kung paano ang manligaw ng Pinoy style. Napangiti siya sa sarili. Nakakunot nang bahagya si Pierre nang sulyapan niya ito. Ipinakita niya rito ang page na binasa niya at umiling ito sa kanya. Pero ngumisi siya.



Narinig ni Ezza na tumunog ang kanyang cell phone. Napakunot-noo siya. Hindi normal na tumatawag sa kanya ang kapatid habang nasa trabaho siya. Maliban na lang kung emergency. Kaya naman, nag-aalala siya na baka may nangyari sa kanilang ina.

“Ate?”

“Sorry kung naistorbo kita sa trabaho mo. Marami ba kayong kliyente diyan sa office?” pasakalye nito.

“Madalang sa araw na ’to. Okay lang ba si Nanay?”

“Ah, oo. Oo naman. Tumawag lang ako kasi nandito ’yung bisita mo kagabi.”

“Ano? Ano’ng ginagawa niya diyan?” Nalito siya

kung bakit nasa bahay nila si Sweyn.

“Ewan ko. Basta binubuhat niya lang ang mga galon ng tubig. ‘Yung may laman, ha? ‘Yung galing sa outlet ng pinagbibilhan natin ng alkaline water sa may kanto. Hanggang New Year yata ang supply natin ng tubig nito, eh.”

“Ano? Bakit niya ginagawa ‘yan?” Napakagat-labi siya.

“Eh, tinanong ko. S’abi niya, nag-iigib daw siya ng tubig. Nanliligaw daw siya sa ‘yo. ‘Ligaw,’ s’abi niya.” Bumunghalit pa ng tawa ang kapatid niya. “Eh, di nga ginawa ni Eric sa ‘kin ‘yon.”

Napamaang si Ezza sa narinig. Napapikit siya.

“Nakakahiya! Nakita ba siya ng mga kapitbahay natin?”

“Siyempre. Laman ka ng usap-usapan dito, ‘no! Instant celebrity ka.”

“Ha? Alam nila kung sino siya?”

“Ah, hindi naman siguro. ‘Ika ko, ikaw ang laman ng istorya ng mga tsismosa. Alam mo na.”

Napatampal siya sa kanyang noo. “Ate, pakisabi sa kanyang tigilan na niya ‘yan, okay? Baka mapa’no pa siya. ‘Tsaka, baka lalo lang lalala ang sitwasyon niya kapag may nag-upload sa social media at mamukhaan siya! Ano ba naman ‘yan! Problema



ko talaga ang lalaking 'yan!" Nagsimula na siyang manggigil sa binata at sa ginagawa nito.

"Sana huwag ngang mangyari 'yan. S'abi ng bodyguard niya sa ilang kapitbahay natin, 'No pictures please.' At pinagtatawanan pa siya. Mga gago talaga 'tong mga kapitbahay natin. Lalo na 'yung mga tambay sa kanto."

Napakamot si Ezza sa kanyang batok at sinulyapan ang relong pambisig. Napasulyap siya sa kanyang boss.

"Eh, pa'no kasi ginawa niya ang nakakalokang igib 'ika mo. Hay! Ang tanga lang!" inis na turan niya. "Ano 'to? Panahon ng mga Kastila?"

Napatawa ang Ate Zara niya. "Sinabi mo pa. Nakakatawa nga. Pero ang sweet, ah," komento nito. "At prinsipeng pa siya!"

Napalunok tuloy siya. Nagpaalam na siya sa kapatid nang may pumasok na foreigner sa opisina nila para mag-inquire ng package tour sa Boracay. Pero ang isip niya ay nasa isang prinsipeng nagbubuhay ng galong-galong alkaline water. Na-imagine niya tuloy ang pawisang katawan nito na walang t-shirt at ang paggalaw ng kada muscle nito sa katawan habang nagbubuhay. Parang gusto ng mga paa niyang umuwi na sa kanila upang makita

ito. In action. Pasimple pa niyang hinampas ang binti dahil dito.

*Shit! Huwag ka ngang magpantasya, Ezza! saway niya sa sarili.*



Binigyan ni Pierre ng panyo si Sweyn. Sinadya niyang huwag patulungin ang bodyguard sa ginagawa niya dahil iyon ang sinabi ng impormasyon sa page na nabasa niya. Dapat siya mismo ang maghahakot ng tubig para sa pamilya ng babaeng nililigawan.

Dumikit sa katawan niya ang basa sa pawis na t-shirt. Pinahid niya ang pawis sa noo at mukha. Ang init sa Pilipinas. Samantalang sa Luxembourg ay winter na. Nagpaalam na siya sa ina ni Ezza pagkabigay nito ng juice sa kanya at kay Pierre. Pinasalamatan siya nito dahil sa inigib niyang tubig na binili niya sa kanto. Napagtanto niyang mahirap pala ang buhay sa Pilipinas. Ang init-init na, mag-iigib pa ng tubig na maiinom. Well, iyon ay dahil nag-decline siya ng delivery na in-offer ng outlet na nagtitinda ng tubig dahil nga dapat siyang mag-igib.

“But I’ll come back later to make ‘ligaw.’ Is it okay?”

Tumango ang natatawang ina ni Ezza. “Okay.” Nag-thumbs up pa ito.

Nakita niyang napangiti si Pierre dahil dito. Pero pumormal din ang mukha nito nang sulyapan niya. So, nakahingi na siya ng permiso. Si Ezza na lang ang problema niya.

“Ayos ka lang ba, Prince Sweyn?” nag-alalang tanong nito nang nakalulan na sila sa inarkilang kotse. Gusto niyang magpalit para maayos siyang humarap kay Ezza mamaya pag-uwi nito. Naghabilin na siya sa ina ng dalaga na huwag na itong magabalang magluto at sa halip ay mag-relax na lang dahil bibili siya ng takeaway food.

“Huwag kang mag-alala, Pierre. Isang bloke lang naman ang nilakad ko.”

“Nang pasan ang limang galong tubig na containers at pabalik-balik,” giit nito. “I even lost count.”

“Para na rin akong nasa gym, di ba?”

Napailing ang bodyguard pagka-set nito ng GPS. Umalis na sila sa lugar na iyon.



Sa kusina, napatingin si Ezza sa dami ng hinakot na tubig na inumin si Sweyn para sa kanila. Lalong sumikip ang kusina nila. Napatingin naman sa kanya ang ina, kapatid, at brother-in-law. Mukhang hinihintay ng mga ito ang anumang sasabihin

niya. Inasahan na ng mga ito ang negatibo niyang komento dahil sa ginawa ng prinsiphe.

“Hinayaan mo siyang ‘mag-igib,’ ‘Nay?’” aniya sa ina.

“Eh, manliligaw daw siya sa ‘yo. Tradisyonal lang ang tao.”

Napanganga siya. “Ginawa ba ni Tatay ang ganitong bagay noon para sa parents n’yo?” Napakiling siya ng ulo.

Napatawa si Mina. “Hindi, ah! Panay lang ang bili niya ng grocery sa bahay namin noon kaya sold na sold ang mga magulang ko sa kanya.”

Umismid siya. “Iba na ngayon, ‘no! Ni hindi man lang tayo binigyan ni Tatay ng pambili ng bigas.” Napahugot siya ng hangin. Sumenyas siya sa brother-in-law. “I think you do need some drinking water.”

Napatingin ang Amerikano sa asawa nito. Tumango si Zara kaya nagsimula na itong maghakot ng ilang water container papunta sa bahay ng mga ito.

“Sa tingin mo, seryoso talaga si Sweyn sa ‘yo?” tanong ni Ate Zara niya.

Nagkibit-balikat siya. “Ewan ko sa kanya.”

Nang bumalik si Eric ay kasama na nito sina

Sweyn at Pierre na may dalang pagkain. Napatingin ulit siya sa ina na kumibit-balikat. Bumaling na lang siya sa prinsipeng inilagay sa mesa ang pinamili. Binati siya nito nang nakangiti.

*Hmm. Walang ebidensyang nag-igib ito ng tubig, ah, sa loob-loob ni Ezza. Hinagod niya ito ng tingin. Shit! Ang guwapo talaga ng lalaking 'to! Hindi nasayang ang unang gabi ko kasama siya. At parang... gusto ko pa siyang makasama ulit.'* Bigla siyang napapreno sa isipan. *Teka lang, Ezza. Walang commitment, di ba?* paalala ng isip niya. Napalunok na lang siya habang nakatingin sa binatang nakatitig rin sa mukha niya.

“Why are you doing this?” mahinang tanong niya.

“I’ve already asked your mom that I make ‘ligaw’ to you,” deretsahang sagot nito.

Napakurap-kurap siya habang napahagikgik sina Zara at Mina. Akma siyang sasagot sana nang inagaw ng kanyang amang si Nestor ang atensyon niya. Napatingin ito sa kanilang lahat at lalo na kay Sweyn na nasa harap niya at narinig ang sinabi nito.

“Ano 'to? May nanliligaw sa bunso ko, Mina?” anang ama niya.

Nalito si Sweyn nang makita ang may-edad na

---

lalaking kararating lang, samantalang naging on guard na si Pierre sa kahit anumang mangyari kung saka-sakali. Mukhang naisip nitong isang threat ang ama niya.

Agad na hinila ng ginang palayo ang asawa nito.